**Saint Pedro Poveda College**
**Mababang Paaralan**
**Taong Aralan 2014-2015**
**Araling Panlipunan-2**
**Handout Blg.2**

**Mga paksa:**

**I. Panahon (Dalawang uri ng Panahon sa Pilipinas)**
**II. Klima (Mga epekto ng klima)**
**III. Isyung may kinalaman sa panahon at klima**
***(Global Warming at Climate Change)***



## I. PANAHON (WEATHER)

Ang **panahon *(weather)*** ay ang pang-araw-araw na kalagayan ng ating paligid na may kinalaman sa init o lamig, pagkatuyo o pagkabasa ng ating kapaligiran.




**Dalawang uri ng Panahon sa Pilipinas**



**1) Tag-araw (Sunny days)**

-ito ay kadalasang nararanasan mula *December* hanggang *May*.



**2) Tag-ulan**

- ito ay kadalasang nararanasan mula *June* hanggang *November*.

## II. <u>KLIMA (CLIMATE)</u>

Ang **klima *(climate)*** ay ang panahon na nararanasan nang matagal sa loob ng buong taon. Ang Pilipinas ay mayroong ***tropical climate*** dahil nararanasan natin ang tag-araw at tag-ulan sa buong taon.

### <u>Mga Epekto ng Klima</u>

### Sa Pagtatanim




- Ang pagtatanim ay karaniwang ginagawa bago ang tag-ulan.
- Ang pag-aani naman ay tuwing tag-init.

### Sa Damit



- Makapal na damit ang isinusuot kapag tag-ulan. Kailangan din magdala ng *raincoat* at payong.
- Kapag tag-init naman ay manipis na damit ang isinusuot. Kailangan din ng payong, sumbrero o *sunglasses* para maproteksyunan ang balat at mata.

### Sa Uri ng Bahay



- Madalas gawa sa bato ang mga bahay na madalas daanan ng bagyo, tulad ng Batanes.
- Sa mainit na lugar ay gawa sa kahoy (tulad ng *bamboo*) ang mga bahay.

## Sa iba't ibang Gawain





- Ang mga gawain *(activities)* ng mga tao ay nagbabago din depende sa klima.
- Iniiwasan ang pangingisda kung may bagyo o malakas na ulan at hangin. Iniiwasan din ang pagpapapagawa ng gusali at kalsada tuwing tag-ulan.
- Tuwing tag-init naman madalas ginagawa ang mga bakasyon*, picnic, at field trips.*







## III. Mga *Issues* na konektado sa Panahon at Klima

### 1) *Global Warming*/ Pag-init ng Mundo

Tuwing sumisikat ang araw ay nabibigyan ng init ang mundo. Ang init na ito ay natural ding nakalalabas ng mundo. Pero dahil sa gawain ng mga tao, nagiging mas mahirap makalabas ang init na ito.




**Bakit hindi makalabas ng mundo ang init mula sa araw?**



*Alam mo ba?*




Dahil sa usok galing sa mga *factories*, kotse at sobrang paggamit ng kuryente ay dumadami ang *greenhouse gasses* na pumipigil sa paglabas ng init sa mundo. Nakasasama din ang sobrang pagputol ng puno na tumutulong sa paglilinis ng ating hangin.

**2) *Climate Change*/ Pagbabago-bago ng Klima**

Dahil sa *Global Warming* ay nagkakaroon din ng pagbabago sa klima. Minsan ay biglang nagkakaroon ng malakas na bagyo o kaya ay sumusobra naman ang init.

**Ano ang epekto ng climate change?**



*Alam mo ba?*

Ang *climate change* ay may epekto sa :

Tao



Hayop



Kapaligiran



## TALASALITAAN:

| FILIPINO | ENGLISH |
| --- | --- |
| pag-init ng mundo | global warming |
| pagbabago-bago ng klima | climate change |
| kapaligiran | environment |
| epekto | effect |
| init | hot |
| lamig | cold |
| basa | wet |
| tuyo | dry |
| tag-araw | dry/hot season |
| tag-ulan | rainy season |
| kalsada | road |
| kuryente | electricity |
| naaapekuhan | affected |
| nararanasan | experiencing |
| bagyo | storm |

**Mga Sanggunian:**

Anganar-Pedracio, Alice; Sibika at Kultura 3 Pagtuklas

Sagmit, Rosario at Mendoza, Ma. Lourdes; Global Filipino 3

Anda ,Menardo et. Al; One Country, One People 3

*mga larawan mula sa *google images*